Mga Trabaho sa Lungsod ng Long Beach

Bakit ka magtatrabaho sa Lungsod ng Long Beach?

Magandang panahon, mga parkeng nanalo sa parangal, masigla at nakaaaliw na downtown, mga komunidad na may iba't ibang lahi at abot-kayang tirahan ang ilan sa mga dahilan kung bakit ang Long Beach ay isang napakahusay na lugar para magtrabaho. Tingnan mo mismo sa pamamagitan ng pagbisita sa aming mga gabay na pahina para sa mga bisita at mga residente.

Nag-eempleyo ang Lungsod ng Long Beach ng higit sa 4,730 empleyado at may higit sa 500 posisyon sa trabaho. Sakop ng iba't ibang posisyon mula sa entry level hanggang sa propesyonal na may mataas na kakayahan. Sa bilang ng mga posisyon, ang mga empleyado ay may sari-saring landas ng karerang maaaring tahakin. Bilang karagdagan, naglalaan ang Lungsod ng gabay sa karera, pagpapayo at mga baitang ng karera para sa pagpaplano ng karera sa loob ng Lungsod.

Paano ako mag-a-apply?

Karamihan sa mga trabaho sa Lungsod ang mga klasipikadong posisyong nangngailangang mag-apply ka sa Kagawaran ng Serbisyo Sibil, kumuha ng pagsusulit at mailagay sa isang listahan ng mga eligible. Pagkatapos ay magsasagawa ng panayam ang mga kagawaran ng Lungsod mula sa listahan ng mga eligible at pipili ng pinakamahusay na kandidatong nakatutugon sa kanilang mga pangangailangan.

1. Alamin kung sa anong kasalukuyang bukas na posisyon ka mag-a-apply at punan ang isang online na aplikasyon.

2. Sa oras na magpasa ka ng iyong aplikasyon at kwalipikado kang kumuha ng pagsusulit, aabisuhan ka sa pamamagitan ng email ng petsa, oras at lokasyon ng pagsusulit. Depende sa pagsusulit para sa posisyon, maaaring umabot ang proseso ng dalawa hanggang anim na linggo. Sa oras na makumpleto mo ang proseso ng pagsusulit, aabisuhan ka sa iyong iskor at puwesto sa listahan ng mga eligible. Ang mga nasa listahan ng mga eligible ay may ranggong A Band, B Band, C Band, atbp. at ilalagay ka sa isang Band depende sa iyong iskor. Matuto nang higit pa tungkol sa Proseso ng Pagsusulit

3. Ang mga kagawarang may mga bakanteng posisyon ay makatatanggap ng listahan ng mga eligible mula sa Serbisyo Sibil kung saan sila magsisimula ng kanilang pagpili ng mga panayam at pipili ng isang kwalipikadong kandidato. Laging matatanggap ng mga kagawaran ang listahan ng mga eligible na nagsisimula sa A Band. Habang pinipili ang mga kandidato, ibibigay ang susunod na Band.

4. Ang mga kandidatong inalok ng trabaho ay kakailanganing pumasa sa parehong fingerprinting na

pagsusuri sa background at isang naaangkop na medikal na pagsusuri. Maaari itong umabot ng apat na linggo.

May mga trabaho sa Lungsod na hindi nangangailangan ng pag-a-apply sa pamamagitan ng Kagawaran ng Sersbiyo Sibil. Kabilang sa mga hindi klasipikadong posisyon ay ang mga posisyon sa pamamahala; mga trabaho para sa mga binoto o itinakdang opisyal; kompidensyal na mga posisyong klerikal o part-time, pana-panahon o pansamantalang trabaho. Karaniwan, nire-recruit ng namimiling kagawaran ang mga para sa mga hindi klasipikadong Trabaho. Ang namimiling kagawaran ay mag-aanunsiyo para sa posisyon, hihilingin na magsumite ang mga kandidato ng resume at magsasagawa ng kanilang sariling proseso ng panayam. Ang namimiling kagawaran ang nagsasagawa ng panimulang pakikipag-ugnayan at ang panghuling komunikasyon sa resulta ng proseso ng pagpili.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Mga Pagsusulit at Trabaho – Serbisyo Sibil

Website
562-570-6202
civilservice@longbeach.gov

Serbisyo Sibil – Ika-7 Palapag
333 W. Ocean Blvd
Long Beach, CA 90802

24 oras na Hotline ng mga Trabaho

562-570-6201

Recruitment ng Pulis

Website
562-570-6202
PD_PoliceRecruiter@longbeach.gov

Recruitment ng Bombero

Website
562-570-6202

Mga Internship at Pagsasanay

Website
562-570-6060
omar.ramos@longbeach.gov

Human Resources

Mga Trabaho sa Lungsod ng Long Beach

Website
562-570-6372
melodi.nantes@longbeach.gov

Human Resources – Ika-13 Palapag
333 W. Ocean Blvd
Long Beach, CA 90802